| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 4 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | EPP |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | NOVEMBER 4 - 8, 2024 (WEEK 6) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pang-unawa sa natural na pamamaraan nang pagtatanim, pangangalaga, pagpaparami, pag aani, at pagbebenta ng halamang ornamental, gulay at punong prutas. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mga mag-aaral ang natural na pamamaraan nang pagtatanim, pangangalaga, pagpaparami, at pag-aani, at pagbebenta ng halamang ornamental, halamanag-gulay, at punong-prutas. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>● Nakagagawa ng compost, organikong pataba, at natural na pestisidyo na magagamit sa paghahanda ng lupa at pangangalaga ng mga pananim<br><br>**Mga Layunin** |

| | |
|---|---|
| | 1. Naisalang-alang ang tamang hakbang at pag-iingat sa paggawa ng compost, organikong pataba, at natural pestisidyo. |
| **D. Nilalaman** | Paggawa ng Compost<br>PaggawangOrganikongPatabaPagg |

| | |
|---|---|
| | awangNaturalnaPestisidyo |
| **E. Integrasyon** | **SDG 12:** Responsible Consumption and Production<br>**SDG 13:** Climate Change<br>**SDG 15:** Life on Land |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**

Lee, E.G.L (2019). Masiglang Pamumuhay para sa Kinabukasan. Phoenix Publishing House, Inc. Quezon City, Philippines.

National Gardening Association. (2023). Compost What is it? Pamamaraansa paggawa ng compost pit. Pdfslide. https://pdfslide.net/education/pamamaraan-sa-paggawa-ng-compost-pit.html?page=1v

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Tanong-Tugon:**<br>1. Anu-ano ang mga iba't ibang mga pamamaraan sa pag-aalaga ng mga pananim?<br>2. Anu-ano ang dapat isaalang-alang sa iba't ibang pamamaraan sa pag-aalaga ng mga pananim?<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)** | Ibigay ang mga tanong sa mga mag-aaral. Maaaring lapatan ng stratehiya sa gawaing ito para mas kapana-panabik ang bahaging ito. Siguraduhing iproseso ang mga sagot ng mga mag-aaral. Ikonekta ito sa susunod na aralin. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Tanong-Tugon:**<br>1. Sa pag-aalaga ninyo ng inyong mga pananànim sa nakaraang aralin, anu-ano ang mga pamamaraan ang iyong isinagawa na natural o yung hindi gumagamit ng komersyal na produkto? Kung wala, ano sa tingin mo ang maaaring pamamaraan na gagawing natural?<br>2. Paano ginagawa ang mga natural na pamamaraan? | Ibigay ang mga tanong sa mga mag-aaral. Ikonekto ang mga nakaraang gawain, ang pangangalaga ng pananim dito sa araling ito.<br><br>Ibigay ang mga susing-salita upang maging gabay nila sa |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>● **Compost Pit-** Ito ay paghuhukay sa lupa kung saan ilalagay ang mga nabubulok na mga bagay para gawing pataba.<br>● **Organikong Pataba-** Ito ay kadalasang hinahalo sa tubig na ididilig sa mga halaman upang madagdagan ang sustansiya ng lupa.<br>● **Natural na Pestisidyo-** Ito ay natural na pestisidyo upang mapuksa ang mga peste na dumadapo sa mga halaman.<br>● **FPJ-** Ito ay pamamaraan ng pagkuha ng dagta ng mga halaman sa pamamagitan ng fermentation upang gawing organikong pataba.<br>● **FFJ-** Ito ay pamamaraan ng pagkuha ng dagta ng mga prutas sa pamamagitan ng fermentation upang gawing organikong pataba.<br>● **FAA-** Ito ay pamamaraan ng pagkuha ng sustansiya mula sa mga isda sa pamamagitan ng fermentation upang gawing organikong pataba. | kabuuan ng aralin. Maaaring lapatan ng stratehiya sa paglalahad ng bokabularyo. |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Paggawa ng Compost**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>***Benchmarking:*** Manonood ng maikling video ang mga mag-aaral tungkol sa paggawa ng *compost pit*. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.<br><br><br>[***https://video.link/w/5Wd93y6eNuI***](https://video.link/w/5Wd93y6eNuI)<br>**Gabay-Tanong:**<br>1. Anu-ano ang hakbang na dapat tandaan sa paggawa ng *compost pit*?<br>2. Anu-ano ang mga dapat isaalang-aalang na pag-iingat sa paggawa ng *compost pit*?<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Manood at Matuto:** Ang mga mag-aaral ay manonod ng demonstrasyon ng guro wastong pamamaraan at hakbang paggawa ng *compost pit* o *basket compost*. Habang ang mga mag-aaral ay nanonood at nakiking, sila ay kinakailangang magtala upang matuto at maghahanda para sa pagbabalik-pagpapakita o *return demonstration* sa paggawa ng *compost pit* o *basket compost.*<br><br>***Reading Resources***<br>Ang pag-iimbak ng mga nabubulok na basura sa hinukay na bahagi ng isang malawak na bakuran ay tinatawag na *compost pit*. Samantalang ang pataba na makukuha mula sa compost pit ay tinatawag na *compost.* Narito ang mga sumusunod gabay na paggawa ng *compost pit.*<br><br>1. Pumili ng lugar na tuyo, patag, malayo sa kabahayan o anumang tubig. | Idownload ang video para magsilbing benchmark ng mga mag-aaral sa aralin. Alalahanin na iprosesong mabuti ang gawain ito.<br><br>Magkakaroon ng demonstrasyon ang guro sa paggawa ng *basket compost* o *compost pit*. Maaring mamili ang guro kung anong klaseng *compost* ang gagawin depende sa availability ng mga kagamitan.<br><br>Habang ang guro ay nagsasagawa ng demonstrasyon, ipaliwanag nang mabuti ito habang nakikinig nang mabuti ang mga mag-aaral at nagtatala bilang |

| | | |
|---|---|---|
| | *2.* Hukayin ang lupa ng dalawang metro ang haba, luwang, at lalim. *Paalala: Mag- ingat sa paggamit ng mga kagamitang matutulis upang maiwasan ang disgrasya.*<br>3. Ilagay sa loob ng hukay ang mga pinutol na damo, basurang nabubulok, at mga pinagbalatan ng gulay at prutas.<br>4. Patungan ito ng dumi ng hayop tulad ng dumi ng baboy, manok, o baka.<br>5. Ulitin ang pagkakasunod-sunod ng damo, nabubulok na basura, dumi ng hayop, abo, at lupa hanggang mapuno ang hukay.<br>*6.* Sabugan ito ng abo at patungan ito ng lupa. *Paaalala: Mag-ingat sa paglalagay ng abo sa pit upang hindi makadisgrasya ng kaklase.*<br>7. Patagalin ng tatlong 3 buwan o higit pa upang mabulok. Kunin ang mga compost sa pamamagitan ng pagsasalandra gamit ang *metal screen* na maliliit ang mga butas.<br><br>Samantala *ang Basket Compost* ay isinisagawa kung walang sapat na lugar para gumawa ng hukay. Ito ay kagaya rin sa paggawa ng compost pit maliban sa kung saan ilalagay ang mga nabubulok na mga bagay. Maaring gumamit ng niresiklong lagayan gaya ng timba, balde, paso o anumang bagay na maari pang gamitin. Maaaring gamitin ang *compost* pagkalipas ng dalawang buwan o higit pa.<br><br>**Gabay na Tanong:**<br>1. Anu-ano ang mga hakbang sa paggawa ng compost?<br>2. Anu-ano ang mga kahalagahan nito sa ating mga pananim?<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**: **Gawin Natin!**<br>**(Tingnan ang sagutang papel bilang 1 para sa gawain ng mga mag-aaral.)** Isasagawa ng mga mag-aaral ang paggawa ng *compost.* Ilalapat nila ang kanilang mga natutunan mula sa *benchmarking* at demonstrasyon ng guro.<br>**Panuto:**<br>1. Bumuo ng 3-4 na miyembro kada grupo.<br>*2.* Ihanda ang mga kagamitan para sa paggawa ng *compost.*<br>*3.* Isagawa ang wastong hakbang ng paggawa ng *compost.*<br>4. Gamitin ang *score card* para maging gabay sa gawaing ito. | paghahanda nila sa susunod na gawain, ang pagbabalik-pagpapakita.<br><br>Mamimili ang guro kung anong klase ng compost ang ipapagawa sa mga mag-aaral.<br><br>Ang mga mag-aaral ay maghahanda ng mga gagamitin sa gawaing ito. Tiyaking handa lahat ng mga kagamitan ng mga mag-aaral bago isagawa ang gawaing ito. Ipaalala sa mga mag-aaral ang mga dapat tandaan paggawa ng compost. |

| | | |
|---|---|---|
| | **IKALAWANG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 2: Paggawa ng Organikong Pataba**<br><br>***1.* Pagproseso ng Pag-unawa: *You complete Me***<br>Kumpletuhin ang mga sumusunod upang makabuo ng isang pangungusap.<br>1. Ang organikong pataba ay______________________________________________________________________.<br>2. Nakakatulong ang organikong pataba sa halaman sa pamamagitan ng ________________________________________________________________________________.<br>3. Ang mga organikong pataba na alam ay _____________________________________________________________________.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay: Manood at Matuto**<br>Ang mga mag-aaral ay manonod ng demonstrasyon ng guro wastong pamamaraan at hakbang pangangalaga paggawa ng organikong pataba. Habang ang mga mag- aaral ay nanonood at nakiking, sila ay kinakailangang magtala upang matuto at maghahanda para sa pagbabalik-pagpapakita o *return demonstration*. | Tanungin ang mga mag-aaral habang isinasaga ang gawaing ito upang matiyak kung may sapat na silang kasanayan sa aralin.<br><br>Maaaring gamitin ang generic score card na gabay sa pagsusuri ng kasanayan ng mga mag-aaral. Gawing 20/25 puntos ang kabuuan ng gawaing ito.<br><br>Ibigay ang gawaing *You complete me* upang makuha ang prior knowledge ng mga mag-aaral sa aralin. Patnubayan ang mga mag-aaral sa pagsasagot ng gawain ito. |

| **Pamantayan** | **Tsek** | **Ekis** |
|---|---|---|
| Naihanda ang lahat ng mga kagamitan para sa gawain. | | |
| Naisagawa nang tama at maayos ang pagsasalansan ng mga nabubulok na bagay. | | |
| Naisagawa nang tama at maayos ang paglalagay ng abo sa lupa. | | |
| Nailagay nang maayos ang mga dumi ng mga manok, baka, o baboy. | | |
| Naisagawa nang tama ang paglalagay ng pataba. | | |
| Isinaalang-alang ang mga dapat tandaan sa pangangalaga ng mga pananim. | | |
| Nagamit nang tama at maayos ang mga kagamitan. | | |
| Nasagot ang mga tanong kaugnay sa asekswal na pagpaparami ng halaman. | | |
| **Kabuuan** | | |
| **Tala para sa mga Mag-aaral:** | | |

***Reading Resources***

Ang pinagtamnang lupa ay nangangailangan ng sustansiya gaya ng *nitrogen, phosphorus, at potassium.* Ngunit ang mga sustansiyang mula sa lupa ay maaaring hindi sapat kung kaya't kailangan ng pataba or abono sa pinagtamnan. Ang ilan sa mga organikong pataba o *organic concoctions and extracts* ay Fermented Fruit Juice (FFJ), Fermented Plant Juice (FPJ), Fish Amino Acide (FAA), Kuhol Amino Acid (KAA), Indigenous Microorganisms (IMO), Bokashi, at Oriental Herbal Nutrients (OHN), Calcium Phosphate (CaPhos)

Magkakaroon ng demonstrasyon ang guro sa paggawa ng ilang halimbawa ng organikong pataba.

Habang ang guro ay nagsasagawa ng

| **Organikong Pataba** | **Kagamitan** | **Pamamaraan** |
|---|---|---|
| FPJ | Sisidlan<br>Molasses<br>Manila Paper<br>Pantali<br>Bahagi ng halaman: saging, kamote, alugbati, mani, kangkong | *1.* Kumuha ng dalawang kilo ng nin na halaman. *Paalala: Kunin ito bago su ang araw at huwag itong hugasan.*<br>*2.* Hiwain ito nang pino. *Pa Gamiting mabuti ang panghiwa u maiwasan ang disgrasya.*<br>3. Ilagay ito sa sisidlan at ihalo ang litrong molasses. Haluin itong mabuti.<br>4. Punuin ang sisidlan hanggan lamang.<br>5. Takpan, itali, at ilagay ito sa tu mahalugmigmig na lugar.<br>6. Pagkatapos ng pitong araw, sala ilipat ito sa malinis na sisidlan. |
| FFJ | Sisidlan<br>Molasses<br>Manila paper<br>Pantali Prutas | *1.* Hiwaing mabuti ang isang k prutas na hindi sobra ang pagkal *Paalala: Gamiting mabuti upang maiwas disgrasya.*<br>2. Ilagay ang nahiwang prutas sa sis<br>3. Haluing mabuti ito sa isang li molasses.<br>4. Takpan, itali, at ilagay ito sa tu mahalumigmig na lugar. |

demonstrasyon, ipaliliwanag niyang mabuti ito.

Habang nakikinig nang mabuti ang mga mag-aaral ay nagtatala sila bilang paghahanda nila sa susunod na gawain, ang paggawa ng organikong pataba.

| | | |
|---|---|---|
| | **Gabay na Tanong:**<br>1. Anu-ano ang mga hakbang sa paggawa ng organikong pataba??<br>2. Anu-ano ang mga kahalagahan nito sa ating mga pananim?<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay: Gawin Natin!**<br>**(Tingnan ang sagutang papel bilang 2 para sa gawain ng mga mag-aaral.)**<br>Ang mga mag-aaral ay mamimili ng isa sa mga tatlong pamamaraan sa paggawa ng organikong pataba.<br>**Panuto:**<br>1. Bumuo ng isang grupo na may 3-4 a miyembro..<br>2. Ihanda ang mga kagamitan ng napiling organikong pataba.<br>3. Isagawa ang wastong hakbang sa paggawa ng napiling organiko.<br>4. Gamitin ang *score card* para maging gabay sa gawaing ito. | Ang mga mag-aaral ay maghahanda ng mga kagamitan sa napiling organikong pataba. Bago nila isagawa ang gawaing ito, ipaalala ang mga dapat tandaan sa pagsasagawa ng organikong pataba.<br><br>Tanungin ang mga mag-aaral habang isinasaga ang gawaing ito upang matiyak kung may sapat na silang kasanayan sa aralin.<br><br>Maaaring gamitin ang generic score card na gabay sa pagsusuri ng kasanayan ng mga mag-aaral. Gawing 20/25 puntos ang kabuuan ng gawaing ito. |

| | | |
|---|---|---|
| | | 5. Pagkatapos ng pitong araw, salain at ilipat ito sa malinis na sisidlan. |
| FAA | Isda<br>Molasses<br>Sisidlan<br>Manila Paper<br>Pantali | 1. Hiwaing mabuti ang isda and ihalo ito sa isang kilong molasses.<br>2. Ilagay ito sa sisidlan, takpan ng manila paper, at itali gamit ang pantali.<br>3. Ilagay ang sisidlan sa tuyo at mahalumigmig na lugar.<br>4. Hayaang ma-ferment ito sa loob ng 14 araw. |

| **Pamantayan** | **Tsek** | **Ekis** |
|---|---|---|
| Naihanda ang lahat ng mga kagamitan para sa gawain. | | |
| Naisagawa nang tama at maayos ang paghihiwa. | | |
| Nasukat nang tama ang mga pangunahing gamit gaya ng kilo ng prutas sa dami ng tubig. | | |
| Nailagay sa malinis at angkop na sisidlin ang pinaghalong kagamitan. | | |
| Natakpan at tinaling mabuti ang sisidlan. | | |
| Nilagay ang sisidlan sa tuyo at mahalumigmig na lugar. | | |
| Naisagawa ang tamang bilang ng araw ang fermentation. | | |

| | | |
|---|---|---|
| Isinaalang-alang ang mga dapat tandaan sa pamamaraan ng paghahanda ng napiling organikong pataba. | | |
| Nagagamit nang tama at maayos ang mga kagamitan. | | |
| Nasagot ang mga tanong kaugnay sa asekswal na pagpaparami ng halaman. | | |
| **Kabuuan** | | |
| **Tala para sa mga Mag-aaral:** | | |

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 3: Paggawa ng Natural na Pestisidyo**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa Tanong-Tugon:**

1. Pamilyar ba kayo sa mga natural na pestisidyo na inilalagay sa halaman upang mapuksa ang mga peste sa halamanan?
2. Kung oo, anu-ano ang mga ito?
3. Paano ito inihahanda?

**2. Pinatnubayang Pagsasanay: Manood at Matuto**

Ang mga mag-aaral ay manonod ng demonstrasyon ng guro wastong pamamaraan at hakbang sa paggawa ng natural na pestisidyo. Habang ang mga mag-aaral ay nanonood at nakiking, sila ay kinakailangang magtala upang matuto at maghahanda para sa pagbabalik-pagpapakita o *return demonstration*.

***Reading Resources***

Isa sa mga problema natin sa paghahalaman ay ang pagdami ng mga peste o sakit nito. Karaniwang ginagamit sa pagpuksa ng mga ito ay ang paggamit ng komersyal na pestisidyo. Bagama't ito ang pinakamadaling gawin para puksain ang mga peste o sakit sa mga halaman, ito ay nagdudulot ng hindi magandang epekto sa mga nagtatanim, sa kapaligiran, maging ang iba pang mga halaman at hayop. Kung kaya't hinihikayat na gumamit ng mga natural na pamamaraan upang mabawasan o mapuksa ang mga ito. Ang mga kagamitan nito ay nakahanda at mula sa ating kusina. Narito ang ilan sa mga natural na pestisidyo na maaari nating gawin.

Ibigay ang mga tanong sa mga mag-aaral upang matuos kung may prior knowledge sila sa aralin.

Siguraduhing iproseso nang mabuti ang kanilang mga sagot.

Magkakaroon ng demonstrasyon ang guro sa piling natural na pestisidyo. Habang ang guro ay nagsasagawa ng demonstrasyon, ipaliwanag nang mabuti ito habang nakikinig nang mabuti ang mga mag-aaral at nagtatala bilang paghahanda nila sa susunod na gawain, ang paggawa ng sarili nilang organikong pestisidyo.

Ang mga mag-aaral ay maghahanda ng mga gagamitin sa gawaing ito. Bago nila isagawa ang gawaing ito,

ipaalala ang mga dapat tandaan sa paggawa ng natural na pestisidyo.

| Mga Kagamitan | Pamamaraan |
|---|---|
| Tuyong tabako Tubig<br>*sprayer* | 1. Ilagay ang isang tasa ng tabako sa isang galong tubig.<br>2. Ibabad ito nang magdamag.<br>3. Dagdagan ng tubig kung naging itim ang kulay ng tubig.<br>4. Ilagay sa sprayer at iwisik sa halaman. |
| *Eucalyptus oil* | 1. Ilagay ang eucalyptus oil sa sprayer.<br>2. Direktang iwisik ito sa mga langaw, langgam, at ib pang insekto. |
| Sabon<br>Orange citrus oil<br>Tubig | 1. Paghaluin ang tatlong kutsara ng likidong sabon a isang kutsarang orange oil sa isang galong tubig.<br>2. Haluing mabuti ito saka ilagay sa sprayer.<br>3. Iwisik ito sa mga halaman kung saan may mga insekto o peste. |
| *Neem solution* | 1. Dikdikin ang bunga at dahon ng neem tree.<br>2. Ibabad ang mga ito sa isang litrong tubig nang magdamag.<br>3. Ilagay sa sprayer at iwisik sa mga halamang may mga nakadapong peste o insekto. |
| Canola oil<br>Dishwashing liquid<br>sprayer | 1. Paghaluin ang dalawang kutsara ng canola oi isang kutsaritang dishwashing liquid sa isang lagayan.<br>2. Lagyan ito ng dalawang tasang maligamgam tubig.<br>3. Ilagay sa sprayer at direktang iwisik sa mga inse gaya ng higad. |
| Pagtatanim ng mga halamang may matapang na amoy gaya ng maria at citronella, marigold | Itanim ang mga halaman na ito sa gitna ng mga halaman *intercrop.* Ito ay nakatutulong upang maitaboy ang mga hindi mabubuting kulisap sa mga halaman. |

**Gabay na Tanong:**

1. Anu-ano ang mga hakbang sa paggawa ng natural na pestisidyo?
2. Anu-ano ang mga kahalagahan nito sa ating mga pananim?

Tanungin ang mga mag-aaral habang isinasaga ang gawaing

ito upang matiyak kung may sapat na silang kasanayan sa aralin.

Maaaring gamitin ang generic score card na gabay sa pagsusuri ng kasanayan ng mga mag-aaral. Gawing 20/25 puntos ang kabuuan ng gawaing ito.

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**: **Gawin Natin!**
**(Tingnan ang sagutang papel bilang 3 para sa gawain ng mga mag-aaral.)** Ang mga mag-aaral ay gagawa ng sarili nilang natural na pestisidyo na maaari nilang gamitin sa kanilang mga pananim mula sa nagdaang gawain.

**Panuto:**
1. Pumili ng kagrupo na may 3-4 na miyembro.
2. Ihanda ang mga kagamitan para sa napiling natural na pestisidyo.
3. Isagawa ang wastong hakbang sa paggawa ng napiling natural na pestisidyo.

| **Pamantayan** | **Tsek** | **Ekis** |
|---|---|---|
| Naihanda ang lahat ng mga kagamitan para sa gawain. | | |
| Naisagawa nang tama at maayos ang paghihiwa, pagdidikdik o anumang proseso bago ito haluin | | |
| Nasukat nang tama ang mga pangunahing gamit gaya ng kilo ng prutas sa dami ng tubig. | | |
| Nailagay sa malinis at angkop na sisidlin ang pinaghalong kagamitan. | | |
| Natakpan at tinaling mabuti ang sisidlan. | | |
| Naisagawa ang tamang bilang ng araw ang fermentation. | | |
| Isinaalang-alang ang mga dapat tandaan sa pamamaraan ng paghahanda ng napiling organikong pataba. | | |
| Nagagamit nang tama at maayos ang mga kagamitan. | | |
| Nasagot ang mga tanong kaugnay sa asekswal na pagpaparami ng halaman. | | |
| **Kabuuan** | | |
| **Tala para sa mga Mag-aaral:** | | |

4. Gamitin ang *score card* para maging gabay sa gawaing ito.
5.

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Tanong-Tugon:**<br>1. Anu-ano ang mga mahahalagang dulot ng paggawa ng a) compost pit o basket compost, b) organikong pataba, at c) natural na pestisidyo? | Ibigay ang mga tanong na ito upang bigyang-diin ang integrasyon ng UN SDG 12, 13 at 15. Maaaring ipasok ang konseptong ito sa |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Gawin ang lingguhang *reflection log.*<br><br> | demonstrasyon kung mahaba pa ang inilaang oras.<br><br>Ibigay ang lingguhang reflection log para malaman ang makabuluhang gawain, kasanayang natutunan, kaniya- kaniyang pansariling repleksyon ng mga mag-aaral. Maisasaga ito ng mga mag- aaral ng ilang minuto lamang gamit ang kanilang kuwaderno |

| | |
|---|---|
| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | **MGA TALA SA GURO** |

<table>
<tr>
<td>A. Pagtataya</td>
<td colspan="3">1. Pagsusulit<br>1. Bakit kailangan nating palaganapin ang paggamit ng organiko o natural na produkto sa ating mga halaman?<br>2. Maaari ba tayong gumawa ng sarili nating natural na pestisidyo o organikong pataba maliban sa mga napag-aralan? Anu-ano ang mga dapat isaalang-alang nga paggawa ng natural na pestisidyo at organikong pataba?<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang Aralin (Opsiyonal)</td>
<td>Ibigay ang mga katanungan biilang pagtataya sa aralin na ito.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo.</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
<td rowspan="4">Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |